REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000

*Sama-Sama sa DECS*

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Agosto 5, 1999

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg 315, s 1999**

**PAMBANSANG SEMINAR WORKSYAP SA APLIKASYON SA IBA'T IBANG PAGDULOG SA PAGTUTURO NG APAT NA MAKRONG KASANAYAN SA FILIPINO**

Sa Mga **Direktor ng Kawanihan**
**Direktor Panrehiyon**
**Tagapamanihala ng mga Paaralan**
**Puno/Pinuno ng mga Paaralang Pribado**
**Puno/Pinuno ng mga Paaralang Bokasyonal**

1 Ang Pambansang Kapisanan ng mga Propesor sa Filipino Ink (KAPPIL) sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon Kultura at Isports, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, at Pamantasang Normal ng Pilipinas, ay magdaraos ng Seminar Worksyap na may paksang ***"Aplikasyon sa Iba't Ibang Pagdulog sa Pagtuturo ng Apat na Makrong Kasanayan sa Filipino"*** Ito ay gaganapin sa Awditoryum ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Oktubre 25 27, 1999

2 Layunin ng Seminar Worksyap na maibahagi sa mga dadalo ang kaalaman sa makabagong pananaw, pagdulog at pamamaraan ng pagtuturo sa apat na makrong kasanayan sa Filipino at mapatnubayan sila sa paghahanda ng mga kagamitang pam pagtuturo at pam pagsusulit sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat

3 Ang mga dapat dumalo sa Seminar Worksyap na ito ay ang mga Panrehiyon/Pansangay na Superbisor sa Filipino, gayundin ang mga Puno/Tagapag ugnay ng Kagawaran ng Filipino mga piling guro ng mga paaralang elementarya at sekundarya, mga miyembro ng KAPPIL, at sinumang nagnanais dumalo mula sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at unibersidad pribado man o pampamahalaan

4 Magbabayad ng Dalawang Libong Piso (P2,000) ang bawat kinatawan para sa rehistrasyon handouts, miryenda at iba pang gastos na kaugnay ng Seminar

5 Ang bawat kalahok ay inaasahang dadalo lamang sa tamang opisyal na oras at sa pasubaling ito ay hindi makakaabala sa regular na takbo ng klase Ang magsisidalo sa mga pribadong institusyon ay makipag ugnayan lamang sa kanilang mga tanggapan hinggil sa pinansyal na gastusin

6 Para sa inyong reserbasyon, makipag ugnayan sa mga sumusunod

Prop Patrocinio V Villafuerte
3rd Floor, Language Study Center
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Ayala Taft, Maynila o

Dr Candelaria Cui Acas
Komisyon ng Wikang Filipino
Watson Bldg , 1610 J P Laurel
Malacañang Palace Complex
San Miguel Manila

7 Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum
na ito

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

**Sanggunian**
**Wala**

**Pamumudmod 1—(D O 50 97)**

**Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim ng mga sumusunod na paksa**

**Learning Areas FILIPINO**
**SEMINARS**
**WORKSHOPS**